



# Hiwaga ng Pulang Balabal

Kuwento ni
Irene T. Cababat

Guhit ni
Eden P. Cordova



***Kasanayan sa Pagkatuto***

*Nakagagawa ng mabuti sa kapwa* ***(EsP2IIe-10).***

# Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Cababat, Irene T. *Hiwaga ng Pulang Balabal*. DEPED-BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Irene T. Cababat
Illustrator: Eden P. Cordova

Learning Resource Managers: Mary Joy B. Fortun
Analiza C. Almazan

Digos City
Region XI

# Ang Hiwaga ng

# Pulang Balabal

Maagang naulila sa ama si Bingkay at naiwan siya sa pangangalaga ng kaniyang ina.

"Inay bukas na ang aking kaarawan. Ibili mo ako ng bagong damit," pilit na sambit ni Bingkay. Tumango na lamang si Aling Lita, sabay ang ngiting tila nag-aalala.









Habang naglalabada si Aling Lita, buong araw namang naglalaro si Bingkay sa init ng araw.

Sa hindi kalayuan, makikita ang isang bata na akmang lalapit na sana nang biglang sumigaw si Bingkay, “Hoy! Benny, bawal kang sumali sa laro namin. Alam mo namang hindi ka makatatatakbo, alis na!”





Lumayo si Benny na luhaan dahil sa kahihiyan.

Maya-maya, may dumaan na isang matanda. Huminto si Bingkay sa paglalaro at ginaya ang matanda sa paglalakad na paika-ika sabay tawa nang malakas .





“Tigilan mo iyan Bingkay, kawawa naman ang matanda,” mahinang sambit ng kalaro. Ngunit parang wala itong narinig at patuloy pa rin sa panggagaya sa matanda.

Kinabukasan pagkagising ni Bingkay, nakita niya ang isang supot sa tabi ng higaan na may nakasulat na, “Maligayang kaarawan anak, sana magustuhan mo. Mahal kita!”




Agad niyang binuksan ang supot at nakita ang pulang balabal. Dismayado siya sa kaniyang nakita.



Bitbit ang pulang balabal, nagmamadali siyang lumabas ng bahay para isauli ito sa ina.

Sa kanyang paglalakad patungo sa ina, isinuot niya ang pulang balabal dahil sa tindi ng sikat ng araw.







Nakita niya si Benny at sinigawan ito
ngunit hindi siya pinansin.

Biglang may dumaan na ale bitbit ang isang supot na puno ng gulay. Dahil sa bigat nabitawan ng ale ang supot at isa-isang nalaglag ang mga laman nito.



Hindi nagdadalawang isip si Benny at tinulungan ang ale kahit alam niyang nahihirapan siya sa paglalakad.




Nang makita ito ni Bingkay, bigla siyang nanliit sa kanyang sarili dahil ang batang kaniyang kinukutya ay isa palang mabuting tao.



Nagpatuloy si Bingkay sa paglalakad patungo sa pinagtatrabahuan ng kanyang ina.





Nakarating siya sa harap ng malaking bahay kung saan naglalabada ang ina.

Habang siya ay papasok, napansin niyang may naglalakad na isang matanda papunta sa bakuran.






Nakita niya ang kaniyang ina na nagsasampay sa ilalim ng matinding sikat ng araw. Tinawag niya ito nang malakas ngunit parang wala itong narinig.


Nagulat si Bingkay dahil paghawak niya sa pader ng bahay ay bigla siyang lumusot dito papasok sa loob ng bakuran. "Paanong?!" gulat niyang tanong.





Bigla niyang naalala ang mukha ng matanda. Siya iyong pinagtawanan niya kahapon.

Maraming salamat sa pulang balabal na bigay ninyo. Noon paman napakabuti niyo na po sa aming mag-ina, binibigyan ninyo po kami ng pagkain at pera," sambit ni Aling Lita sa matanda.




“Walang anuman, tiyak kong sa oras na ito marami nang natutuhan ang iyong anak gamit ang pulang balabal na bigay ko.” sagot ng matanda.



Umiiyak si Bingkay habang nakikinig sa usapan ng dalawa.

Nalaman niya na kapag suot niya ang pulang balabal nagkakaroon ito ng mahika. Hindi siya nakikita at naririnig ng mga taong nasa kaniyang paligid.





Tinanggal niya ang pulang balabal at patakbong yumakap sa ina na luhaan.

Nagsisisi siya sa lahat ng mga  mali niyang nagawa.



Nalaman niya na sina Benny at ang matanda ay pawang mabubuti at matulungin sa kapwa at napagtanto ni Bingkay na masama ang ginagawa niyang panlalait sa kapwa.







**Tungkol sa May-akda**

Si Irene T. Cababat ay kasalukuyang nagtuturo sa Paaralang Elementarya ng Ramon Magsaysay Central, Lungsod ng Digos.

Siya ay ipinanganak noong ika-7 ng Mayo, 1990. Nakapagtapos siya ng kursong Bachelor in Elementary Education—Generalist at Master of Arts in Education major in Educational Management. Siya ngayon ay kasalukuyang nag-aaral ng EdD–Educational Management sa University of Mindanao, Davao City.

Ang kuwento na kaniyang naisulat ay taos-puso niyang ibinabahagi sa bawat isa.



**Tungkol sa Tagaguhit**

Si Eden P. Cordova ay kasalukuyang nagtuturo sa Paaralng Elementarya ng Sta. Ana, Davao City. Siya ay isa sa mga tagaguhit o Illustrator sa Learning Resource Management System ng Davao City at ng Rehiyon XI.

## Hiwaga ng Pulang Balabal

Ang pagtulong sa kapwa ay hindi naghahangad ng anumang kapalit. Bawat isa sa atin ay may kani-kaniyang tungkulin sa lipunan.

Alamin sa kuwentong ito kung papaano nabago ang buhay ni Bingkay.

